



Agosto 26, 2020

Mahal na mga Magulang/mga Tagapag-alaga at mga Pamilya,

Noong Agosto 21, ang isang liham ay ipinadala sa lahat ng mga magulang/mga tagapag-alaga ng TDSB na may impormasyon tungkol sa pagbabalik sa paaralan sa Setyembre, at kami ay sumusulat sa inyo ngayon na may karagdagang impormasyon para sa mga magulang/mga tagapag-alaga na may mga anak na may mga pangangailangan sa espesyal na edukasyon. Alam namin na kayo ay nababalising malaman nang higit pa ang tungkol sa kung anong maaasahan habang binubuksan namin ang mga paaralan ng TDSB at malugod na tinatanggap pabalik ang mga mag-aaral sa loob ng ilang linggo, kaya nais namin kayong bigyan ng detalyadong pagbabagong ito.

Bago kami magsimula, nais namin kayong pasalamat para sa inyong patuloy na pagpapasensiya habang kami ay nagtatrabaho sa lahat ng pagpapalano na kinakailangan para sa isang ligtas na pagbabalik sa paaralan at magtrabaho para sa mga mag-aaral at kawani. Hindi ito isang madali o diretsong proseso at matapat naming pinahahalagahan ang inyong patuloy na pag-unawa at pagtitiwala habang kami ay sumusulong. Mangyaring alamin na ginagawa namin ang lahat ng aming makakaya upang epektibong magplano para sa isang ligtas na pagbalik sa paaralan upang panatilihin ang kawani, mga mag-aaral at mga pamilya na ligtas at malusog.

Ang TDSB ay nakatalaga sa pagtitiyak ng pantay-pantay na akses sa edukasyon, mga mapagkukunan at mga pagkakataon para sa mga mag-aaral na may mga kapansanan, at ito ay nagpapatuloy na maging totoo sa panahon ng COVID-19 na pandemya. Mangyaring tingnan sa ibaba para sa karagdagang impormasyon na espesipiko sa mga mag-aaral na mga mga pangangailangan sa espesyal na edukasyon.

### **Naantalang Pagsisimula: Martes, Setyembre 15**

Dahil sa panahong ibinigay upang makapaghanda para sa pagbalik sa mga paaralan, kailangang ilipat ng TDSB ang unang araw ng paaralan (para sa elementarya, sekundaryo at virtual na paaralan) sa **Martes, Setyembre 15.**

Bagamat ang pagpasok ng lahat ng mga baitang ay pagkatapos ikakalat sa panahon ng tatlong araw, ***ang lahat ng mga mag-aaral na may mga pangangailangan sa espesyal na edukasyon ay magsisimula ng paaralan sa Martes, Setyembre 15.*** Kabilang dito ang lahat ng mga Nagtipun-tipon na lugar ng Elementarya at Sekundaryo, at mga mag-aaral sa Masinsinang Programang Pangsuporta sa mga Kapansanan sa Pag-unlad [Developmental Disabilities Intensive Support Programs (ISP)] na nasa mga sekundaryong paaralan. Para sa mga mag-aaral na may mga pangangailangan sa espesyal na edukasyon na sumasakay ng bus papunta sa paaralan, ang petsa ng pagsisimula ay magiging Setyembre 15 din.

### **Mga Patnubay sa Maskara/Pantakip ng Mukha**

Bagamat ang mga mag-aaral at kawani ay kailangang magsuot ng mga maskara/pantakip sa mukha sa mga gusali ng TDSB at sa mga bus na pampaaralan, kinikilala namin na ang ilan sa mga mag-aaral ay mangangailangan ng mga pagbubukod dahil sa medikal, pandamdang o iba pang mga dahilan. Hinihiling sa mga magulang/mga tagapag-alaga na talakayin nang direkta sa mga paaralan ang mga pagbubukod o



mga kaluwagan na kinakailangan tungkol sa mga maskara o mga pantakip sa mukha.

Ang aming pangkat ng Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho ay nagtrabaho upang bumili ng malilinaw na maskara para sa aming mga kawani at mga mag-aaral na nangangailangan ng mga ito. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga maskara at mga pantakip sa mukha ay ibabahagi sa mga magulang/mga tagapag-alaga sa lalong madaling panahon.

### **Mga Modelo ng Pag-aaral**

#### **Elementarya**

Ang mga klase sa mga Programa ng Masinsinang Suporta sa Espesyal na Edukasyon ng Elementarya [Elementary Special Education Intensive Support Programs (ISP)] ay limitado sa pagitan ng 6-16 na mga mag-aaral depende sa ISP na programa (hindi kasali ang Likas na Matalino). Ang mga mag-aaral ay dadalo sa paaralan ng 5 araw bawat linggo, na may isang cohort/grupo para sa buong araw, kabilang ang recess at pananghalian.

Kabilang dito ang aming anim na Nagtipun-tipong mga lugar ng Elementarya: Beverley School, Lucy McCormick Senior School, Park Lane Public School, Seneca School, Sunny View Junior at Senior Public School, at William J McCordic.

Alam namin na ang mga ilang mag-aaral ay maaaring humarap sa mga paghamon sa mga pinahusay na mga protokol ng kalusugan at kaligtasan na nasa lugar upang matulungang mapalaki ang pisikal na pagdidistansiya. Upang tugunan ang mga alalahaning ito, ang mga paaralan ay makikipagtulungan sa mga pamilya at mga Kasangguni ng Espesyal na Edukasyon at Inklusyon upang saliksikin ang mga estratehiya upang pinakamahusay na masuportahan ang mga mag-aaral at kawani sa panahong ito.

#### **Sekundaryo (Mga Baitang 9 hanggang 12)**

Ang mga Klase sa mga Programa ng Masinsinang Suporta sa mga Kapansanan sa Pag-unlad ng Sekundaryong Espesyal na Edukasyon [Secondary Special Education Developmental Disabilities (DD) Intensive Support Programs (ISP)] ay limitado sa 10 mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay makakadalo sa paaralan araw-araw dahil sila ay nakagrupong bilang isang cohort at maaaring kunin lahat ng kanilang mga klase sa espesyal na edukasyon na magkakasama. Ang mga mag-aaral ay susunod sa semestrong modelo.

Ang mga sekundaryong mag-aaral sa mga klase ng ISP na may Pagsasama (kabilang ang Likas na Matalino) na tipikal na nasa tala-orasan ng mga klase ng espesyal na edukasyon at mga regular na kurso ng paaralan ay dadalo sa paaralan na sumusunod sa apat na semestrong [modelo ng sekundaryong paaralan](#) upang matiyak ang patuloy na pakikisama sa kanilang mga kauri.





Ang sekundaryong ISP ay limitado sa 6-16 na mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay makakadalo bilang isang cohort na kumukuha ng mga kurso ng espesyal na edukasyon. Karaniwan, ang mga ISP na ito ay kinabibilangan ng MID, LD, ASD, DHH at PD at igu-grupo sa kanilang mga kauri para sa mga kursong hindi pang-espesyal na edukasyon. Ang mga klase ng Likas na Matalinong ISP ay limitado sa 30 mga mag-aaral at hahatiin sa dalawang mga cohort para sa mga klase ng espesyal na edukasyon at hindi espesyal na edukasyon. Ito ay maaaring lokal na magbago batay sa mga pangangailangan ng paaralan.

Ang anim na mga nagtipun-tipon na lugar ng mga sekundaryong paaralan kung saan ang mga mag-aaral ay maaaring dumalo araw-araw ay susunod sa semestrong modelo. Ang mga nagtipun-tipong lugar ng sekundaryong paaralan ay ang Central Etobicoke High School, Drewry Secondary School, Frank Oke Secondary School, Maplewood High School, Sir William Osler High School, at York Humber High School.

### **Virtual na Paaralan (Kindergarten hanggang Baitang 12)**

Ang mga magulang na nais na mag-aral ang kanilang anak mula sa bahay ay maaaring piliin ang malayuang pag-aaral na opsyon. Para sa karagdagang impormasyon, pakibisita ang website. [Elementarya](#) at [Sekundaryo](#).

Kung ang mga magulang/mga tagapag-alaga ay magpasya na magsimula sa malayuang pag-aaral at magpasyang bumalik sa loob ng paaralang pag-aaral, hindi mawawalan ang mga mag-aaral ng kanilang pagkakalagay sa ISP. Magkakaroon ng mga pagkakataon upang makapasok sa Virtual na Paaralan o pag-aaral sa loob ng paaralan sa mga pangunahing petsa sa loob ng taon ng paaralan. Tingnan ang mga petsa para sa [elementarya](#) at [sekundaryong](#) mga paglipat. Kung ang isang pagpapalit ay kinakailangan sa labas ng mga itinalagang oras, ang isang pagbubukod ay maaaring gawin at rerepasuhin ng mga Punong-guro sa bawat kaso na batayan.

### **Pagrerehistro para sa Loob ng Paaralan o Virtual na Pag-aaral**

Sa linggong ito, ang mga magulang/mga tagapag-alaga ng mga bata na dumadalo sa isang nagtipun-tipon na lugar ng sekundaryo at lahat ng mga mag-aaral sa sekundaryong DD ISP ay padadalhan ng isang email na humihiling sa kanila na magrehistro para sa alin sa personal o malayuang pag-aaral.

Ang lahat ng mga magulang/mga tagapag-alaga, kahit na ang mga sumagot na sa paunang pagrerehistrong pagsisiyasat sa maagang bahagi nitong buwan, ay kinakailangang ikumpirma ang pagrerehistro para sa kanilang mga anak sa pamamagitan ng pagkukumpleto ng pagrerehistrong ito.

Ang email ay maglalaman ng isang natatanging link sa isang online na pormularyo ng pagrerehistro para sa bawat mag-aaral at ang link ay hindi maaaring ibahagi. Ang mga magulang/mga tagapag-alaga na may higit sa isang anak ay makakatanggap ng isang email bawat bata at kailangang kumpletuhin ang isang hiwalay na pagrerehistro para sa bawat bata. Ang online na pagrerehistro ay makukuha sa dalawampung iba't ibang mga wika.

Tanging ang mga magulang/mga tagapag-alaga lamang na walang email address sa file o hindi kumpleto ng pagrerehistro sa online ay makakatanggap ng isang tawag sa pagpaparehistro na telepono na humihiling sa kanila na



gawin ang kanilang pagpili. Para sa karagdagang impormasyon at upang higit pang malaman ang tungkol sa [iba't ibang mga opsyon sa pagrerehistro](#), hinihikayat namin ang lahat ng mga magulang/mga tagapag-alaga na bisitahin ang website ng TDSB.

**Miyerkules, Agosto 26:** Ang email ay ipinadala sa lahat ng mga magulang/mga tagapag-alaga at ang pagrerehistro ay magbubukas

**Lunes, Agosto 31:** Ang pagrerehistro ay magsasara para sa pinag-ipon na mga lugar at mga mag-aaral ng Sekundaryong DD ISP

### **Mga Susunod na Hakbang**

Kami ay patuloy na magbibigay ng impormasyon sa mga pamilya at ipapaalam ang pagbabago sa mga darating na araw. Kami ay patuloy na nakikipagtulungan nang malapit sa aming mga Administrador, sa SEAC na Pagbalik sa Paaralang Sub-committee, at sa Kawani ng Pagbalik sa Paaralan ng Espesyal na Edukasyon at Sub-Committee ng Inklusyon upang tiyakin na isinasama namin ang lahat ng mga boses at mga pagsasaalang-alang. Matuto nang higit pa tungkol sa aming [mga patnubay na pangkalusugan at pangkaligtasan](#) para sa mga paaralan.

Kami ay nagpapasalamat na muli para sa inyong patuloy na pagpapasensiya habang ang mahalagang gawaing ito ay nagpapatuloy. Mangyaring alamin na magsisimulang ibahagi ng mga punong-guro ang espesipiko sa paaralan na impormasyon na direkta sa mga pamilya sa lalong madaling panahon. Alam namin na kayo ay may maraming mga tanong at mga alalahanin at ang mga kawani ay patuloy na gagawin ang kanilang makakaya na magbigay ng kinakailangang impormasyon at panatilihin kayong napaalaman.

Tayo ay magkakasama dito at tayong lahat ay nakikibahagi sa isang karaniwang layunin upang matiyak ang kalusugan at kaligtasan ng mga kawani, mag-aaral at pamilya. Nais namin na maging maayos hangga't maaari ang pagbabalik sa paaralan para sa lahat at kailangan nating magpatuloy na magtrabahong magkakasama upang mangyari ito.

Matapat,

Handwritten signature of Carlene Jackson in black ink.

Carlene Jackson  
Direktor ng Edukasyon

Handwritten signature of Alexander Brown in black ink.

Alexander Brown  
Tagapangulo

